

Matutunan ang Disaster Preparedness kasama ang mga Hapon

Lalahok kami sa disaster drill na inorganisa ng Japanese neighborhood association. Kasama ang mga taong marunong magsalita ng Tsino, Vietnamese, Filipino, at Ingles, kaya kahit hindi mahusay sa Japanese ay puwede ring sumali.

- (1) Sumakay sa sasakyang nagbibigay ng karanasan ng lindol.
- (2) Maranasan ang tamang kilos kapag hindi mo makita ang paligid dahil sa usok sa oras ng sunog.
- (3) Maranasan ang lakas ng tubig mula sa hose para sa pag-apula ng sunog.
- (4) Alamin kung paano gamitin ang fire extinguisher.
- (5) Alamin kung paano gamitin ang “triangular bandage” na puwede ring gamitin para sa first aid o bilang mask.
- (6) Alamin kung paano gamitin ang AED at ang mga hakbang sa pagliligtas ng buhay.
- (7) Panoorin ang video (DVD) tungkol sa disaster preparednes.



Ang AED ay pinaikling anyo ng “Automated External Defibrillator”. Ito ay isang kagamitang medikal na nagbibigay ng electric shock kapag ang puso ay nanginginig at hindi na nakakapagpadaloy ng dugo (ventricular fibrillation), upang maibalik ito sa normal na ritmo.

Petsa at Oras: Nobyembre 9, 2025 (Linggo), 9:00 AM – 12:00 NN

Lugar: Wataridashincho Park (1-5-1 Wataridashincho, Kawasaki-ku)

Tagpuan: 9:00 AM sa Kawasaki Ward Office

(8 Higashidacho, Kawasaki-ku), pasukan sa unang palapag

Maglalakad tayong lahat papunta sa Wataridashincho Park (20 minutong lakad).

Kung malakas ang ulan, kanselado

Inilunsad ng: Kawasaki Ward Office (Multicultural Community Plaza)

Pagpaparehistro at katanungan:
mangyaring gamitin ang form sa kanan.



Form para sa Pagpaparehistro
at Katanungan